## Mga Mapagkukunan

**Pacific Basin Telehealth Resource Center**
pbtrc.org
956-2514

**Med-QUEST Division**
medquest.hawaii.gov

## Medicaid

Mag-apply sa medical.mybenefits.hawaii.gov

Med-QUEST Customer Service
1 (800) 316-8005 nang toll-free
TTY 711 o 1 (800) 603-1201 nang toll-free

## Mga Planong Pangkalusugan

**AlohaCare**
AlohaCare.org
973-0712
1 (877) 973-0712 nang toll-free
TTY 711

**HMSA**
hmsa.com
1 (800) 440-0640 nang toll-free
TTY 711

**Kaiser Permanente**
kp.org
1 (800) 651-2237 nang toll-free
TTY 711

**'Ohana Health Plan**
ohanahealthplan.com
1-888-846-4262
TTY 711

**UnitedHealthcare Community Plan**
myuhc.com/CommunityPlan
1 (888) 980-8728 nang toll-free
TTY 711

ALOHACARE

hmsa
An Independent Licensee of the Blue Cross and Blue Shield Association

KAISER PERMANENTE®

'ohana health plan™

UnitedHealthcare® Community Plan


CAD_87495T_State Approved 03192021

HI1ZMDBRO89032T_1021

7850-272539 10.20 fn

# Manatiling Ligtas sa Telehealth

Tumanggap ng pangangalaga nang kumportable, pribado, at ligtas mula sa inyong bahay.



## Ano ang telehealth?

Ang telehealth ay isang paraan upang makapagpatingin kayo sa isang doktor nang hindi umaalis ng bahay. Maaari kayong makipag-usap sa isang doktor sa pamamagitan ng online na video chat o espesyal na website.

## Bakit dapat akong gumamit ng telehealth?

Ang telehealth ay isang ligtas na paraan upang tumanggap ng pangangalaga. Sa telehealth, kadalasang makukuha ninyo ang parehong de-kalidad na pangangalaga katulad sa personal na pagpapatingin. Maaari kayong makipag-usap sa isang doktor, makakuha ng mga sagot sa inyong mga tanong, at makakuha ng mga reseta para sa mga gamot. Narito ang higit pang dahilan upang gamitin ang telehealth:

- Nakatira kayo nang malayo sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan
- Nahihirapan kayong magbiyahe papunta sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan
- May inaalagaan kayong bata o isang kupuna at hindi kayo makakapunta sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan
- Matindi ang sakit ninyo upang magpunta sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan
- Kailangan ninyong isagawa ang social distancing sa panahon ng pandemyang COVID-19

## Anong uri ng pangangalaga ang maaari kong matanggap?

Maraming provider ang nag-aalok ng mga serbisyo gaya ng:

- Karaniwang pangangalaga
- Agarang pangangalaga
- Pamamahala sa diabetes
- Mga serbisyo sa pagpapayo o kalusugan ng pag-iisip
- At higit pa



## Magkano ito?

Available ang telehealth sa mga miyembro ng QUEST Integration nang walang bayad. Magtanong sa inyong planong pangkalusugan upang kumpirmahin ang inyong mga benepisyo.

## Paano ako makakakuha ng mga telehealth na serbisyo?

1. Maraming doktor ang nag-aalok ng telehealth na serbisyo. Humiling sa inyong doktor ng impormasyon upang makapagsimula.
2. Kung wala kayong doktor, tawagan ang inyong planong pangkalusugan para tulungan kayong maghanap. Dapat din ninyong alamin kung nag-aalok ng telehealth platform ang inyong planong pangkalusugan.

## Ano ang kailangan ko upang magamit ang telehealth?

Kakailanganin ninyo ng smartphone, tablet, o computer na may speaker, camera, at secure na koneksyon sa internet. Kausapin ang inyong doktor tungkol sa pinakamagandang paraan upang magamit ninyo ang telehealth.

## Paano ako makakapaghanda para sa isang telehealth na pagpapatingin?

Gumawa ng listahan ng:

- Anumang gamot (inirereseta at over-the-counter) na iniinom ninyo
- Mga tanong o alalahanin

Maghanap ng tahimik na lugar sa inyong bahay upang makausap ang doktor.